

**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE**  
**News and Information Bureau**

**INTERVIEW WITH PRESIDENTIAL SPOKESPERSON HARRY ROQUE**  
**BY DILG UNDERSECRETARY JONATHAN MALAYA AND JAY RUIZ**  
**KUWENTUHANG LOKAL, DZMM**  
**April 25, 2020 (5:11 – 5:33 P.M.)**

**USEC. MALAYA:** Mayroon po kaming napakaimportanteng panauhin sa hapon ng ito, at alam kong very busy siya ngunit pinaunlakan niya tayo. Mukhang tayo lang ang pinaunlakan niya sa araw na ito sa kaniyang mga interviews 'no. Kaya partner, gusto mo bang i-introduce ang ating kaibigan?

**RUIZ:** Of course partner, ito iyong kaibigan natin. Ito iyong tinatawag na 'pagbabalik ng Lawin.' Dati na siyang Presidential Spokesperson at ngayon ay bumabalik na naman. Presidential Spokesperson, ang tanyag na human rights lawyer na walang iba kundi si Attorney Harry Roque. Sec...

**SEC. ROQUE:** Ay, magandang hapon po at magandang hapon po sa buong Pilipinas. Ang guguwapo po ng mga host dito sa programang ito.

**USEC. MALAYA:** Salamat Sec., lamang lang po kayo sa amin nang konting ligo.

**RUIZ:** Ang laki ng binawas mo ng timbang Secretary ha. Anong ginagawa mo, mukhang ensayado ka ngayon ha.

**SEC. ROQUE:** Eh kinakailangan po eh talagang nasa mabuting kalusugan dahil iyan po ang ating unang depensa laban sa COVID-19. Kinakailangan po kumakain nang tama, nag-eehersisyo at natutulog nang tama.

**RUIZ:** First question Secretary, alin po iyong mga lugar ang sakop ng pagpapatuloy ng ECQ hanggang May 15? Ito iyong sa mga hindi nakapanood ng iyong presscon ano, presscon ng Pangulo kahapon.

**SEC. ROQUE:** Well, ang mga lugar po na magpapatuloy ang ECQ hanggang May 15 ay kasama po diyan ang NCR, ang Benguet, ang buong Region III po, ang probinsiya ng Pangasinan bagama't ito po ay subject for reevaluation, pati po iyong Benguet subject to reevaluation 'no; ang buong Region III, Bataan, Bulacan, Nueva Ecija, Pampanga, Tarlac – ang Tarlac po subject din to reevaluation; ang buong Region IV-A, Batangas, Cavite, Laguna, Rizal, Quezon, ang isla po ng Mindoro, parehong Oriental at Occidental, ang mga probinsiya po ng Albay ata ng Catanduanes.

At sa Visayas po, ito pong mga probinsyang ito, lahat sila ay subject for rechecking. Ibig sabihin, puwede pang magbago pagdating po ng April 30: ang Antique, Iloilo, Cebu at Cebu City.

At sa Mindanao po, ang Davao Del Norte at Davao City at ang Davao De Oro rin po pero bagama't ang Davao De Oro ay subject din po to rechecking pagdating ng a-treinta ng Abril.

**RUIZ:** [off mic]... data natin, ano ba ang nakikita ng pamahalaan dito sa ating battle laban sa COVID-19. Tayo ba'y nananalo o papaano ba? Nakapag-peak na ba tayo? Anong nagiging basehan nitong continued ECQ natin?

**SEC. ROQUE:** Alam ninyo, hanggang hindi tayo nakakakuha po ng bakuna 'no ay hindi natin masasabing matatalo natin ang COVID-19. Ang tinitingnan natin ngayon iyong kakayahan ng mga health sector sa iba't ibang lugar ng Pilipinas na magbigay ng medical attention doon sa posibleng magkasakit ng COVID-19 'no. At kaya nga ang naging basehan po ng IATF, at alam naman po 'to ni Usec., ay hindi lamang iyong bilis ng pagdami ng COVID-19 sa mga probinsiya natin kung hindi na rin iyong kakayanan.

Kaya nga po may mga lugar 'no gaya nga po noong Aklan at Capiz, sila po ay magiging kabahagi pa rin ng ECQ pagdating pa rin ng Mayo a-uno. Pero doon po bagama't kakaunti lamang ang kaso eh tinitingnan naman natin iyong kakayahan ng mga probinsyang ito na magbigay ng medical attention at parang kulang pa iyong kanilang kapasidad na magbigay ng critical care doon sa posibleng magkakasakit.

At saka isa pa pong importanteng bagay, iyong kapabilidad na magkaroon ng mass testing 'no, dahil kung wala po iyong mass testing, hindi natin malalaman, hindi natin malo-locate, hindi natin maa-isolate at hindi natin maku-cure iyong mga mayroong COVID-19.

**RUIZ:** Pero sa ngayon batay sa datos, na-prevent po ba natin iyong larger scale na infection? Kasi may mga nagsasabi na katulad noong isang UP study, kung hindi tayo nag-lockdown ay baka nasa 70 to 80 thousand or 100 thousand na ang rate of infection natin dito sa bansa.

**SEC. ROQUE:** Totoo po iyon 'no. Ang epekto po ng ECQ eh napabagal natin iyong pagkalat at nabigyan tayo ng panahon para paghandaan iyong mga posibleng magkakasakit 'no. Pero kaya nga po nag-iingat tayo, talagang tanging bakuna lang po ang makakatalo diyan sa kalaban nating COVID-19. Pero sa ngayon po eh nagkaroon tayo ng panahon ng paghahanda at iyong extension po ng ECQ sa mga lugar na ito, mapait man po, ay ito po'y kabahagi pa rin ng paghahanda 'no habang wala pa pong bakuna.

**RUIZ:** Okay. So itong sa mga ibang lugar na may rechecking pagdating ng April 30 po, ano iyong gagawin natin kung wala na pong COVID-19 sa lugar nila, ibig sabihin nasa GCQ na sila or General Community Quarantine?

**SEC. ROQUE:** Hindi po. Hindi po walang COVID-19, mayroon at mayroong COVID-19. Kaya lang po ang tinitingnan nga natin is kung napakabilis ng pagkalat ba ng COVID-19 at kung mayroon na ba iyong kakayahan po ng mga ospital na magbigay ng medical attention sa kanila.

So ngayon naman po, nakikita natin na iyong mga lugar na subject to rechecking, medyo mabagal naman po ang pagkalat ng sakit at medyo mayroon nang kahandaan na in place na po 'no. So posible na maalis pa rin sila doon sa listahan ng ECQ 'no. Pero malalaman po natin iyan 'pag malapit na ang April 30.

**RUIZ:** Okay. Usec. Jon...

**USEC. MALAYA:** Yes, Secretary.

**SEC. ROQUE:** Yes, Usec.

**USEC. MALAYA:** Yes, sir. Doon po sa announcement ninyo kahapon with Secretary Año of course and Secretary Galvez and Usec. Vergeire. Minention po doon iyong curfew sa mga General Community Quarantine. So ang ibig po bang sabihin nito ay kahit naka-GCQ na ay tuloy pa rin iyong curfew na ipapatupad ng mga local government units?

**SEC. ROQUE:** We are no longer back to normal as we know it po 'no. Ang GCQ po ay 'ayan na po ang new normal 'no. So ang ibig sabihin lang po ng GCQ ay iyong ilang industriya ay pupuwede nang magbukas, iyong category 1, 2 and 3 na tinatawag 'no. Pero hindi pa rin po puwedeng makihalubilo ang mga taumbayan, social distancing pa rin at lahat po noong naka-in place na curfews eh bahala naman po ang mga lokal na pamahalaan diyan, pero hindi po automatic na mawawala na 'yan kasi hindi po ibig sabihin na puwede nang maggala-gala iyong mga tao sa mga GCQ area, hindi pa rin po.

At ito nga po ang dahilan kung bakit pinagbabawal pa rin po iyong pagpasok, pinagbabawal pa rin po iyong pagbubukas ng malls except doon sa mga piling-piling mga industriya gaya po ng mga bangko, gaya po ng mga restaurant para sa takeout at delivery lamang, iyong mga hardware. Ibig sabihin po, we're not back to normal.

Binibigyan lang natin ng pagkakataon na kahit papaano magsimula muli ang mga local economies sa mga lugar na nasa GCQ pero normal as we know it, hindi pa po tayo

makakabalik sa ganoon. Hanggang wala pong bakuna, we cannot go back to normal as we know it.

**USEC. MALAYA:** Opo. Sec. sabi ninyo po kahapon sa inyong press briefing, ay iyong iba't ibang mga ahensiya ng gobyerno ay gagawa ng kanilang mga guidelines or policies with regards to new normal. For example po, ang Department of Transportation para doon sa polisiya naman sa public transport at papaano ngayon iyong mga social distancing ay mai-implement sa public transportation; at sa DTI naman para sa mga malls kung papaano natin sisiguruhin na iyong mga malls ay mga essential services lamang nakabukas. Mga kailan po kaya Sec. lalabas itong mga polisiyang ito ng mga kaniya-kaniyang ahensiya para po mapaghandaan ng ating mga kababayan iyong sinasabi nating new normal.

**SEC. ROQUE:** Well *[signal fade]*... tingin ko po, ito po'y para sa mga areas na mapapasailalim sa GCQ, sa General Community Quarantine. Ang lahat po ng areas na nasa ECQ pa rin ay patuloy po na magiging under ECQ. At ang effectivity po ng GCQ ay effective May 1. So sa ngayon po, lahat po tayo under ECQ pa rin.

**USEC. MALAYA:** Okay. And also Sec., nabanggit ninyo din sa inyong press briefing kahapon na pinag-aaralan ng IATF iyong pagbubukas ng klase at baka po ito ay September 'no. Tama po ba ang dinig namin sa press briefing na maaring sa Setyembre na ang pagbubukas ng ating mga paaralan?

**SEC. ROQUE:** Well, iyan po ang naging rekomendasyon ng IATF bagama't mayroon pong batas 'no. So pinag-aaralan pa rin po ng DepEd kung pupuwede talagang ma-postpone all the way to September kasi iyong current batas po nagsasabi na ang pagbukas ng klase ay dapat Hunyo hanggang huling linggo ng Agosto. Pero sa tingin ko maliit na bagay naman iyan, kasi pinag-uusapan lang natin siguro isang linggo 'no dahil sabi naman sa batas up to last week of August ay pupuwede. Pero since we're in a state of national emergency, kung talagang tingin ng IATF na Setyembre talaga, tingin ko hindi naman magiging problema iyan. But binibigyan po natin ng pagkakataon ang DepEd para tuluyang pag-aralan itong bagay na ito at sila po ang magsusumite ng pinal na rekomendasyon sa IATF.

**USEC. MALAYA:** Okay. So ibig pong sabihin Sec., aantabayanan ng ating mga kababayan iyong magiging announcement ng IATF at ng Department of Education, kasama na rin po siguro ang Commission on Higher Education sa isyung ito.

**SEC. ROQUE:** Ang sigurado siguro ngayon Usec., wala pong pasok ng Hunyo. Sigurado na po iyon. Pag-uusapan lang kung Agosto or Setyembre.

**RUIZ:** Tanong lang, Secretary. Partner 'pag ganiyan—Secretary 'pag ganiyan po na walang pasok hanggang September, ito bang mga teachers po natin ay tuluy-tuloy ang

kanilang suweldo. Siyempre sa public school tuluy-tuloy ang suweldo niyan, pero papaano iyong mga private school teachers na maaapektuhan sakaling sa September ang opening ng klase? Siyempre nagre-rely din iyong mga private school teachers sa tuition fee ng mga batang mag-e-enroll.

**SEC. ROQUE:** Well ako po kasi, labinglimang taon din akong naging fulltime propesor sa UP 'no. Sa gobyerno po eh kahit anong mangyari eh tuluy-tuloy naman ang suweldo natin 'no dahil tayo'y empleyado and we're covered by the government salaries standardization law 'no. Pero ang sa pribado po, siyempre still no-work, no-pay, pero ang alam ko po ha, ang alam ko naman ay basta ikaw ay full time employee ay nagtutuloy din ang suweldo maski bakasyon 'no.

Ang inaalala ko po talaga iyong mga tinatawag na part-timers, iyong mga per class 'no, per hour na sumusuweldo. Iyong mga hindi po regular na empleyado ng mga pribadong mga eskuwelahan, talagang wala pong sasahurin iyan kapag wala pong turo.

Kaya naman po pupuwede naman silang mag-apply doon sa mga iba't-ibang programa lalo na ng DOLE at saka iyong bagong programa po ng Department of Finance, iyong tulong sa SMEs dahil ang mga pamantasan naman po ay hindi naman po iyan nasa top 2,000 corporations siguro at pupuwede silang kumuha rin ng ayuda nang hanggang dalawang po na suweldo between P5,000 to 8,000 po ang ibinibigay din ng programang iyan, iyong tulong sa SMEs.

**RUIZ:** Secretary, habang humahaba itong ECQ natin at saka itong mga GCQ at saka new normal siyempre naapektuhan iyong ekonomiya. Kaya po ba ng ekonomiya natin na i-sustain itong mahabang ECQ? Dahil sabi mo nga, magkakaroon na tayo ng new normal o panibagong normal. Sabi nga ni Charles Darwin na hindi iyong pinaka-entilihente, pinakamalakas kung hindi iyong taong nakaka-adopt sa mga panibagong changes o pagbabago ang siyang nagsu-survive sa species natin. So, iyong sa new normal natin, ano iyong mga nakikita mong mga trends ngayon na mangyayari?

**SEC. ROQUE:** Well, pagdating po doon sa pondo, ang sabi naman po ni Secretary Dominguez ay mayroon pa naman tayong pera bagama't siguro po mahahirapan na for purposes of budget. Baka kinakailangang kumuha ng supplemental budget later on sa Kongreso at siyempre, iyong supplemental budget naman naka-depende kung may pera pa ang Treasury.

Pero iyon naman po iyong konteksto na sinasabi ng Presidente na kung kinakailangang ibebenta niya ang mga ari-arian ng gobyerno para tustusan ang pangangailangan ng ating mga kababayan habang mayroong COVID-19 kasi nga po, uulitin ko, ang ECQ pinabagal lang po natin ang pagkalat. Habang walang vaccine, habang walang bakuna

po, wala pa tayong sandata talaga laban diyan sa COVID-19 kung hindi ang social distancing at saka ang proper hygiene.

**RUIZ:** Pero learning from the experiences of other countries tulad ng Wuhan, tulad ng Vietnam, ano ang mga napulot nating aral doon sa mga naging karanasan nila sa paglaban dito sa pandaigdigang laban sa COVID-19? Ano iyong mga puwede nating puluting araw sa kanila? Sabi nila, ang isa raw sa mga naging sikreto ng mga bansa tulad ng China, tulad ng Taiwan at nitong Vietnam ay iyong disiplina ng mga kababayan nila.

**SEC. ROQUE:** Totoo po iyan. Makikita ninyo na sa Wuhan wala pong nagpapasakla, walang nagpapasugal, walang nag-iinuman habang sila ay nasa ECQ at walang kumukuha ng ayuda ng gobyerno na ipinambibili ng shabu. Hay naku...hindi po talaga ganiyan. Kapag ginawa ninyo po iyan sa Wuhan, kulong na kayo walang human rights, human rights, pero gumana po.

Alam ninyo po, napakahirap din ihambing tayo sa Wuhan kasi talagang iyong Wuhan naging total lockdown sila eh. Pati pagkain idini-deliver sa taumbayan at alam naman natin na napakalaki po ng kumbaga bulsa ng Tsina compared sa atin. Doon talaga pinakain nila ang lahat habang sila ay naka-lockdown at wala nang kinakailangan na mamalengke. So, parang hindi natin kakayanin iyong ganoon 'no. So the most that we can do po is hingin na ang kooperasyon ng ating mga kababayan, we can all be heroes po sa mga panahon ngayon sa pamamagitan ng pagiging 'homeliners.' Huwag na po tayong pasaway, huwag na po nating hintayin na gagamitin pa ng Presidente ang Hukbong Sandatahan para lang tayo manatili sa mga tahanan natin.

Mahirap ho talagang makulong sa tahanan; pero kung ang Presidente natin ay talagang siya mismo ay nakakulong kasing haba ng mga ordinaryong mamamayan eh siguro kakayanin din po natin lahat iyan.

**RUIZ:** Ang sabi nga nila, Secretary, ang dapat po na pananaw, 'hindi ako, kung hindi tayo'; 'It's not me, but us.' Kasi nga dito sama-sama tayo sa isang bangka, kapag lumubog tayo, lulubog tayong lahat. So dapat talaga iyong pagkakaisa, pagtutulungan nandiyan po sa bawat isang Pilipino, lalo na giyera itong napasok natin na hindi nakikita ang kalaban, na napaka-brutal at napaka—talagang ang gusto niyang patayin iyong mga mahihina sa ating lipunan kaya talaga namang kailangan natin sa panahong ito magsama-sama anumang kulay ka, anumang political belief mo, iisa lang tayong bansa dapat tayo magsama-sama po dito.

**SEC. ROQUE:** Tama po iyan dahil wala pa po tayong sandata laban sa sakit na ito. Wala pang bakuna, ni pati iyong gamot hindi pa tayo sigurado kung anong pupuwedeng gamitin para magamot ang nagkakaroon ng COVID-19.

Pero sa tingin ko po naman, ang naipapakita natin, gumana po ang ECQ, kinakailangan magtulungan, magbayanihan at huwag na pong pasaway.

**RUIZ:** Siguro nakita naman natin—yes, partner go ahead.

**USEC. MALAYA:** Yes, partner. Sec., may tanong lang. Kasi kahapon ay umugong iyong isyu ng Martial Law at alam naman natin kayo po ay isa sa mga tinitingalang human rights lawyer ng ating bansa. Can you share to us, Sec., kung ano iyong frame of mind ni Presidente insofar as Martial Law is concerned?

**SEC. ROQUE:** Well, iyong Martial Law po kasi eh ikinalulungkot, ikinagagalit, ikinabubuwisit ng ating Presidente na mayroon na ngang COVID-19, ang ginagawa pa ng mga CPP-NPA eh nang-a-ambush ng mga sundalo na ang ginagawa lang naman ay nagbantay doon sa mga taong nagbibigay ng ayuda. Dalawang beses na po tayong nagkaroon ng ganiyang insidente at ang NPA pa ay kinukuha pa iyong mga ayuda na inilalaan sana para sa mga nahihirapan na mga kababayan natin.

Alam ninyo, kung kinakailangan po ng ayuda ng NPA dahil jobless naman sila, baka mag-qualify po sila. So, kinakailangan ay ibababa na po muna nila ang kanilang mga baril at pumila gaya ng lahat ng mga nangangailangan para sa ayuda sa gobyerno; pero huwag namang gagamitin ang baril para kumuha ng mga pangangailangan para sa mga panahong ito.

At malinaw naman po iyan sa ating Saligang Batas: Invasion or rebellion ang dahilan po ng Martial Law at ang paggamit naman po ng sandata para ipatumba ang isang gobyerno ay rebelyon. So, mayroon pong basehan ang Presidente pero ang sinasabi nga ng Presidente, hindi siyang mag-aatubiling gawin iyan kung patuloy na aambushin ng NPA iyong mga tulong na inilalaan natin sa taumbayan.

**USEC. MALAYA:** Partner, this is my last question before we let Secretary go kasi alam ko namang very busy siya. Kumusta po ang kalusugan ng ating Pangulo? Kayo po ay nakasama niya nang ilang araw, how is he? Kasi po ipinagdarasal po natin ang ating Pangulo na he is given the wisdom to make the proper decisions sa panahon na ito. Kumusta po ang ating Pangulo?

**SEC. ROQUE:** Well, ang mabuting balita po ay napakalusog naman po ng ating Pangulo. Siya po ay abalang-abala na pinag-aaralan itong COVID-19. Nahihiya nga po ako dahil parang wala pa po sa katiting ang aking impormasyon tungkol sa COVID-19. Lahat po ng kaniyang waking hours ay nakatutok sa CNN, BBC, nakatutok sa mga periyodiko, sa mga babasahin, he is very up to date po sa COVID-19 at kaya nga po ngayon nagkaroon ako ng resolution kinakailangang magbasa na rin nang mas marami tungkol sa COVID-19.

Kasi alam mo kasi, papansinin mo na pati doon sa ating media masyado tayong nakatutok doon sa mga nangyayari ngayon pero iyong mga foreign media channels at siya mismo nagsabi, ang talagang pini-feature nila ay mga scientists, mga doktor kaya mas maraming natutunan tungkol doon sa laban sa COVID-19. Kaya nga po ngayon kapag hindi kayo nagsho-show sa DZMM, tinitingnan ko na rin iyong CNN at BBC. Huwag naman pong magagalit iyong ibang mga anchors dahil kapag programa ninyo po palagi tayong nakatutok.

**RUIZ:** Ayun naman pala. Pero kahit papaano—Ikaw talaga, Sec., oh! *[LAUGHING]*

**SEC. ROQUE:** Mamaya po babalik tayo sa CNN at sa BBC.

**USEC. MALAYA:** Iyan ang ka-level natin, partner CNN, BBC at Kuwentuhang Lokal. *[LAUGHING]*

**RUIZ:** Alam mo, partner, Secretary, ang maganda nito kahit papaano may weakness po iyong kalaban. Ang weakness nga po nito kapag kunwaring wala na siyang napupuntahang host eh nawawala siya, so kailangan na kailangan talaga iyong physical distancing at saka siyempre, isa pang sandata natin iyong prayer power na tinatawag. Sabay-sabay tayong manalangin sa Panginoon na sa panahong ito ay talaga namang tulungan tayo at gabayan tayo at baka makikita na rin tayo ng gamot dito laban sa COVID-19.

Kumusta po ba ang search naman ng medisina o vaccine? Sinasabi kasi nila iyong VCO daw ay maganda laban sa COVID-19, mayroon namang ibang nagsasabi malunggay o kaya iyong plasma convalescent treatment naman daw ay gumagana rin daw, Secretary? Anong masasabi mo dito?

**SEC. ROQUE:** Well, noong una po ay ten million nga ang ibinigay na pabuya ng Presidente laban sa kahit sinong makaka-develop ng bakuna laban dito, itinaas na po niya iyan sa fifty million at sabi nga niya pag-iisipan niya kung itataas pa niya sa one hundred million. Ang kawawa po ngayon ay ang mga taga-DOST kasi lahat ngayon nagsasabi mayroon na silang nadiskubreng cure, nakapila na po iyong mga gustong makakuha ng fifty million.

Pero may proseso po tayong sinusunod diyan. Kaya naman po nag-offer ng ganiyan ang ating Presidente eh kampante siya na sapat naman ang katalinuhan ng Pilipino para magkaroon din ng lunas dito.

Pero ang alam ko po ngayon, nagkausap na kami ni Secretary Dela Peña, ay kasapi po tayo sa mga tinatawag na clinical studies ng iba't-ibang posibleng bakuna at gamot dito sa COVID-19. Ang sabi nga po niya, mayroon nang apat na posibleng bakuna na kasali



na tayo sa clinical trials at pinaggastusan pa ng gobyerno natin mismo ang mga clinical trials na ito, taumbayang Pilipino ang nagbabayad po para sa clinical trials na ito. Ito po ay kabahagi ng ating kumbaga pakikipagkapit-bisig sa buong daigdig para makahanap nga po ng bakuna at gamot para sa COVID-19.

**RUIZ:** Sec., sa mga nalulungkot, sa mga naa-anxious, sa mga confused, sa mga nade-depress sa mga nangyayari, ano ang puwede mong mensahe ngayon sa sambayanang Pilipino?

**SEC. ROQUE:** Well, alam ninyo po, wala namang ibinibigay na problema ang Panginoon natin na hindi natin malulutas. Siguro po talagang pinadadaan lang tayo sa pagsubok na ito para lalo tayong magkaisa bilang isang bansa at sa tingin ko naman habang tayo ay nagkakapit-bisig at kabahagi naman ng kultura natin ang bayanihan, kakayanin po natin ito. We will heal as one.

**USEC. MALAYA:** Maraming salamat! Bless you!

**RUIZ:** Thank you very much! Thank you very much, Secretary.

**USEC. MALAYA:** Thank you, Sec.! Maraming salamat for your time, puwede na kayong lumipat uli sa CNN at sa BBC.

**RUIZ:** [LAUGHING]

**SEC. ROQUE:** Opo at inaabangan ko lang kayo. Maraming salamat po!

**USEC. MALAYA:** Maraming salamat po. Thank you, Secretary!

**RUIZ:** Thank you, Secretary.

**SEC. ROQUE:** Thank you po.

###